

# KIAN Kumusta Kawasaki

Inilathala sa wikang: Ingles, Intsik, Koreyano, Espanyol, Portugal, Tagalog at Madaling Nihonggo  
Matatagpuan ang isyu na ito sa HP (<http://www.kian.or.jp/hlkwsk.html>).

Asosasyong Pandaigdig ng Kawasaki

2-2 Kizuki Gion-cho, Nakahara-ku, Kawasaki-shi, Kanagawa-ken

Tel 044-435-7000 Fax 044-435-7010 <http://www.kian.or.jp/> E-mail: [kiankawasaki@kian.or.jp](mailto:kiankawasaki@kian.or.jp)

## 「Rose Garden」 Bukas para sa lahat ngayong tag-sibol (Spring)

Sa loob ng Ikuta Ryokuchi ng Tama ku, ang Hardin ng mga Rosas (Bara-en) ay magbubukas muli ngayong tag-sibol. Ang mga boluntaryong mamamayan ang nagpapalaki at nagaalaga sa mga rosas at pasilidad ng "Bara En". Namumulaklak ang magagandang rosas na iba't ibang kulay (533 klase, 4,700 punong rosas) sa humigit-kumulang na 1.2 ektaryang laki ng lugar. **【Kailan】**: Mula ika-15 ng Mayo hanggang sa Ika-5 ng Hunyo (sarado ng ika-23 at 30 ng Mayo)

• Bukas: 10:00~16:30 Martes~Biyernes 16:00 ang huling oras na maaaring pumasok.

9:00~16:30 kung Sabado, Linggo at pistang opisyal • Sarado tuwing Lunes

**【Bayad】**: Libre **【Saan】**: 12 minutong lakad mula sa istasyon ng

Mukogaoka Yuen, Odakyu line. Maaari ding mag-bus galing sa

Mukogaoka Yuen Minamiguchi, bumaba ng Mukogaokayuen mae at maglakad ng 1 minuto pagkababa.

**May gaganaping Konsiyerto sa mga sumusunod na araw:**

Kailan: Hunyo 3 (Biyernes), 4 (Sabado), 5 (Linggo)

**【Lugar】** Sa loob ng Lawn ng Hardin **【Mga magtatanghal】** Tango Requerdo/

Belleza Quartet/Laluna (ラルナ) 「Opisyal na HP」 <http://www.ikuta-rose.jp/>

「Katanungan」 "Bara-en" sa Ikuta Ryokuchi TEL:044-978-5270.



## Ika-17 Amerika • Harvard University Acapella Group "Krokodiloes" Concert

Taun-taong ginaganap ang konsiyertong Akapela ng mga lalaking mag-aaral ng Unibersidad ng Harvard. Mayroon din pagsasalo-salo pagkatapos ng konsiyerto.

**【Kailan】**: ika-25 ng Hunyo (Sabado)

**【Oras】**: Konsiyerto : alas 3:00~4:00 (tanggapan:2:30) / pagsasalo-salo:4:30~6:00

**【Lugar】**: Kawasaki International Center (Tokyu-Toyoko line • Meguro line 「Motoshumiyoshi」 10 mins. lakad)

**【Bayad】**: ●Tiket (Konsiyerto at pagsasalo) Adulto 3 0 0 0 yen/Estudyante 2 0 0 0 yen

●Konsiyerto lamang Adulto 2 0 0 0 yen/Estudyante 1 0 0 0 yen

(+ 5 0 0 yen sa tiket na mabibili sa mismong araw ng konsiyerto)

\*Upang pangalagaan ang kalidad ng konsiyerto, ipinagbabawal ang pagsasasama ng sanggol/batang hindi pa nag-aaral. **【Pagpapalista】**: Telepono, FAX, email, o magsadya sa tanggapan.

**【Parang pagbabayad】**: ①Cash (Kawasaki International Association 10:00~4:00) o di kaya,

②Post opis money transfer Numero ng Account : 0 0 2 2 0 - 3 - 0 1 3 2 6 1 7 Pangalan : KAWASAKI SHI KOKUSAI KOURYU CENTER Ipapadala ang tiket sa sandaling ma-kumpirma na ang bayad. Mag-uumpisa ang aplikasyon mula ika-25 ng Mayo sa oras ng 10:00~ **【Katanungan】**:Kawasaki International Association

TEL. 044-435-7000 (Lunes ~Sabado 10:00~4:00)

## 2011 International Festival in Kawasaki

Ang taunang pagdiriwang na "International Festival" ay gaganapin muli ngayong taong ito. Mararanasan ang espiritu ng buong daigdig sa araw na ito. May pagtatanghal, iksibisyon at tugtog ng mga performers ng iba't ibang bansa. Halina't Dumalo!!!

**【Kailan】**: Ika- 3 ng Hulyo 10:00~4:00

**【Saan】**: Kawasaki International Center (Tokyu-Toyoko line • Meguro line 「Motosumiyoshi」 10 mins. Lakad)

**【Ano】**: Ethnic Foods, World Products, Mga performances ng dayuhang naninirahan sa KAWASAKI, pagsusukat ng YUKATA, Japanese drum performances, dances, stages Flea markets at ibapa.

**【Katanungan】**:Kawasaki International Association TEL. 044-435-7000 (Lunes ~Sabado 10:00~4:00)

## Ukol sa konsiderasyon ng pag-extend ng visa dahil sa kalamidad ng Tohoku Earthquake.

Ayon sa Ministry of Justice noong ika-16 ng Marso 2011, ang mga taong nagtataglay ng lahat ng kondisyon A, B at C ay mabibigyan ng naturang konsiderasyon at pwedng humaba ang period ng visa hanggang **Ika-31 ng Agosto, 2011.**

A Balido ang inyong visa.

B Matatapos ang inyong visa bago mag-August 30, 2011

C Noong nagkalindol, kayo ay nasa lugar na apektado ng kalamidad, o ang lugar ng nakarehistrong tirahan ay nasa lugar ng kalamidad sa Tohoku.

Kasali dito ang mga kasong naninirahan sa bansa dahil sa espesyal na dahilan / nakarehistro bilang dayuhan sa takdang lugar, at nakaalis sa bansa nang may permiso ng muling pagpasok noong araw ng ika-11 ng marso, at pumasok ulit sa Hapon hanggang Ika-30 ng Agosto 2011, mabibigayn din ng naturang konsiderasyon sa itaas. (kung pumasok ulit sa loob lamang ng balidong panahon ng muling pagpasok)

※ Katanugan: Gaimu Shou Zairyu Sougou Information Center(0570□013904) (IP, PHS, overseas call :03-5796-7122) , o nakipag-ugnayan sa lokal na immigration office sa inyong lugar(Yokohama branch 045-769-1720, Kawasaki Branch 044-965-0012)

## Para sa mga estudyanteng dayuhan na umuwi sa sariling bansa dahil sa lindol.

Maraming estudyanteng dayuhan ang umalis sa bansang hapon pagkatapos ng pangyayari ng malaking lindol at mayroong hindi kumuha ng permiso ng muling pagpasok (re-entry) dahil sa pagmamadali.. Sa kasong ito, kailangang nila ang bagong visa para sa bagong semester mula sa Abril, subalit sa kooperasyon ng Ministry of Foreign Affairs, ang mga Embahada o Tanggapang Konsulado ng Japan ay nagpapahayag na hangga't maaari ay gagawing simple ang mga pamamaraan/proseso para sa pagkuha ng visa ng mas mabilis, para hindi mahuli sa pasukan ng bagong semester.



※Para sa mga katanugan:Ministry of Foreign Affairs, Consular ServiceCenter, Visa Information sec. (Telepono03-5501-8431), o sa Embahada o Tanggapang Konsulado ng Japan sa inyong lugar.

## Ukol sa pagpasok ng paaralan ng mga batang nakatira sa apektadong lugar ng nangyaring Lindol.

Ipinagbibigay-alam ng Education Committee ang pagtanggap sa lahat ng mga transferees na mag-aaral na nais pumasok sa mga pampublikong paaralang elementarya, at high school ng Kawasaki. Binibigyan ng konsiderasyon ang mga magulang na naglipat ng tirahan, nakikitira sa kamag-anak dahil sa paglikas, at kahit na hindi pa inililipat ang address ay tatanggapin sa paaralang nais pasukan ng bata. Para sa proseso ng pag-aaplay, makipag-ugnayan sa mga tanggapang pangpamahalaan at mga sangay nito na malapit sa tirahan. Kawasaki shi kyoiku iinkai soumu bugakujika Tel: 044-200-3267 Fax:044-200-3950

## Libreng pagpapayo para sa mga dayuhan sa Kawasaki International Association

•Iskedyul ng konsultasyon (10:00~12:00 13:00~16:00) Telepono 044-435-7000

(Libre)

Wika	Araw
Ingles	Mula Lunes hanggang Sabado
Portuges	Martes•Biyernes
Koreano	Martes•Huwebes

Wika	Araw
Intsik	Martes•Miyerkoles•Biyernes
Espanyol	Martes•Miyerkoles
Tagalog	Martes•Miyerkoles•



•Kawasaki Ward office (Libreng konsultasyon )

•Asao Ward office (Libreng konsultasyon)

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	Mula 14:00 pm Hanggang 16:30 pm
Intsik	Una at Ikatlong Martes	Mula 14:00 pm Hanggang 16:30 pm
Tagalog	Una at Ikatlong Martes	Mula 9:30 am Hanggang 12:00 noon

Wika	Araw	Oras
Ingles	Una at Ikatlong Huwebes	Mula 9:30 Hanggang 12:00 noon
Intsik	Una at Ikatlong Martes	Mula 9:30 am Hanggang 12:00 noon
Tagalog	Una at Ikatlong Miyerkoles	Mula 14:00 pm Hanggang 16:30 pm

\*Libreng Konsultasyon sa Gyouseishoshi (Wikang Hapon) 2F Kawasaki International Center conference room

**Ika-19 ng Hunyo Linggo, mula 14:00~16:00** (kailangan ang reserbasyon para sa interpreter.)